

Pinoprotektahan ng pederal na batas ang mga karapatan ng mga residente ng mga pasilidad ng may kasanayang pangangalaga, na tinatawag ring mga nursing home.

Ang mga pasyente ng pangmatagalang pangangalaga ng PeaceHealth ay mayroong sumusunod na mga karapatan.

May karapatan ka para sa dignidad, paggalang at pagkahabag. *Kasama rito ang iyong karapatan na:*

- Tratuhan nang may konsiderasyon, paggalang at dignidad, habang kinikilala ang indibidwalidad ng bawat residente;
- Malaya mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, pananamantala at maling paggamit ng ari-arian;
- Malaya mula sa pisikal o kemikal na pagpigil;
- Napanatili o napabuting kalidad ng buhay;
- Maisagawa ang mga karapatan nang walang sagabal, pamimilit, diskriminasyon, o paghihiganti;
- Isang kapaligirang katulad ng tahanan, at paggamit ng personal na ari-arian tuwing posible;
- Patas na pag-akses sa dekalidad na pangangalaga;
- Maitago ang mga personal na gamit kung pahihintulutan ng espasyo at maitago nang ligtas ang mga pag-aaring ito;
- Magsagawa ng isang paunang direktiba kasama ang pagbawi o pagpigil sa mga serbisyong pag-resuscitate at/o nagbibigay-buhay na paggamot;
- Maabisuhan sa pamamagitan ng sulat kung may pagbabago sa kuwarto o kasama sa kuwarto bago pa gawin ang mga pagbabagong ito. Ikaw ay kukunsultahin at isasali sa mga pagbabago sa kuwarto. May karapatan ang PeaceHealth na ilagay ang mga residente sa isang lugar na pinakamainam para sa kinakailangang pangangalaga ng isang indibidwal, batay sa propesyonal na paghuhusga ng tagapag-alaga.

May karapatan kang magpasya para sa sarili. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Pumili ng mga gawain, mga iskedyul, pangangalagang pangkalusugan, pagtatasa at pagpapalano ng pangangalaga, at mga provider, kasama na ang nangangasiwang manggagamot;
- Makatwiran na pagtugon sa mga pangangailangan at mga kagustuhan;
- Makalahok sa pagpapaunlad at pagsasagawa ng isang plano ng pangangalaga na nakasentro sa tao na may kasamang mga personal at kultural na kagustuhan;
- Pumili tungkol sa pagtatalaga ng isang kinatawan para maisagawa ang iyong mga karapatan;
- Mag-organisa at makalahok sa mga pangkat ng residente at pamilya;
- Humiling, tumanggi at/o ihinto ang paggagamot o medikasyon;
- Mga medikasyon na ibinibigay-sa-sarili kung ito ay natukoy na ligtas na gawin;
- Makalahok sa paglulutas ng mga problema o mga etikal na mga diskusyon tungkol sa mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan.

May karapatan kang mabigyan ng buong impormasyon tungkol sa:

- Uri ng pangangalaga na ibibigay, at mga panganib at benepisyo ng mga iminungkahing paggamot;
- Pagbabago sa plano ng pangangalaga, o sa katayuang medikal o kalagayan ng kalusugan;
- Mga batas at mga regulasyon, kasama ang isang nakasulat na kopya ng mga karapatan ng residente;
- Impormasyon sa pagkontak para sa programa ng ombudsman sa pangmatagalang pangangalaga at ahensya ng sarbey ng estado;
- Mga ulat ng sarbey ng estado at plano ng pagwawasto ng pasilidad ng pangangalaga;
- Mga abiso at impormasyon sa isang wika o paraan na kanyang naiintindihan o mababasa (katutubong wika kung sinasalita, Braille, Mga Serbisyong Pagsasalin, atbp.).

May karapatan kang magkaroon ng akses sa:

- Mga indibidwal, serbisyo, miyembro ng komunidad, at mga gawain sa loob at labas ng pasilidad;
- Mga bisita na iyong pipiliin, sa anumang oras, at ang karapatan na tumanggi sa mga bisita;
- Mga personal at medikal na rekord;
- Iyong personal na doktor at mga kinatawan mula sa ahensya ng sarbey ng estado at programa ng ombudsman sa pangmatagalang pangangalaga;
- Tulong kung may mga umiiral na pinsala sa pandama;
- Paglahok sa gawaing sosyal, relihiyoso at komunidad.

May karapatan ka kaugnay ng mga pinansyal na usapin. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Pangasiwaan ang iyong pinansyal na usapin;
- Impormasyon tungkol sa mga makukuhang serbisyo at ang mga singil sa bawat serbisyo;
- Personal na pondo ng higit pa sa \$100 (\$50 para sa mga residente na ang pangangalaga ay pinopondohan ng Medicaid) na dineposito ng pasilidad sa isang hiwalay ng nagkakainteres na account, at mga financial statement kada tatlong buwan o kung hihilingin;

- o Maaaring i-withdraw kaagad ang \$50 (limampung) dolyar. Kung ang residente ay may sapat na pondo na nakadeposito sa pooled fund account, na pinapanatili para sa mga residente at may sapat na pondo na makukuha, hanggang \$100 (isang daang) dolyar ang maaaring i-withdraw. Anumang halaga hanggang sa buong halaga ng isang indibidwal na deposito sa pooled fund account ay maaaring hilingin at babayaran sa loob ng 3 araw ng pagbabangko, matapos maberipika ang kasalukuyang balanse ng indibidwal na residente.
- Hindi pababayaran para sa mga serbisyo na sakop ng Medicaid o Medicare.

May karapatan ka sa pagkapribado.

- Patungkol sa iyong personal, pinansiyal at mga medikal na mga usapin;
- Patungkol sa malayang pakikipag-ugnayan sa sinumang tao na iyong pinili;
- Sa panahon ng paggagamot at pangangalaga sa mga personal na pangangailangan;
- Sa telepono, pakikipag-usap o kasama ang mga bisita.

May karapatan ka sa panahon ng pagpapalabas at/o paglilipat. *Kasama rito ang karapatan na:*

- Umapela sa iminungkahing paglipat at/o pagpapalabas at hindi papalabasin habang nakabinbin ang isang apela;
- Makatanggap ng 30-araw na nakasulat na abiso ng pagpapalabas at/o paglipat na kasama ang: Petsa ng pagkakaroon ng bisa, ang dahilan; ang pangangailangan para sa pagbabago at anumang alternatibo na maaaring makuha kapag medikal na pinapahintulutan;
- Makatwiran na plano ng pagpapalabas para sa patuloy na pangangalaga pagkatapos na mapalabas, ganun din sa iyong mga nangangasiwang manggagamot o iba pang mga rekomendasyon sa pangangalaga sa kalusugan kasunod ng pagpapalabas mula sa New Horizons Long Term Care;
- Malaman ang lokasyon na iyong pupuntahan, umapela sa mga karapatan at proseso sa pagsasampa ng isang apela, at ang pangalan at impormasyon sa pagkontak para sa ombudsman ng pangmatagalang pangangalaga;
- Paghahanda at oryentasyon para masiguro ang kaligtasan at maayos na paglipat o pagpapalabas;
- Abiso para sa karapatang bumalik sa pasilidad pagkatapos na ma-ospital o terapyutikong pagliban;
- Hindi ipapalabas mula sa aming pasilidad maliban:
 - o Kung hindi na namin kayang matugunan ang iyong mga pangangailangan at mga kinakailangan;
 - o Kung ang iyong kalusugan ay bumuti na sa punto kung saan ang mga serbisyo ay hindi na kinakailangan;
 - o Kung kinakailangan ang paglilipat at/o pagpapalabas para sa iyong kalusugan o kaligtasan o para sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga residente;
 - o Kung ikaw ay nabigo, pagkatapos ng makatwirang pag-abiso, na bayaran ang mga singil na dapat nang bayaran.

Ang mga pangmatagalang residente ng PeaceHealth ay responsable sa:

- Pagiging maingat at mabuti sa iba pang mga residente sa pamamagitan ng:
 - o Paggalang sa pagkapribado ng iyong kasama sa kuwarto.
 - o Pagdadala sa mga bisita sa mga pampublikong bahagi ng pasilidad.
 - o Pagpapaalala sa mga bisita na ang PeaceHealth at LTC ay mga kampus kung saan ipinagbabawal ang paninigarilyo.
 - o Paggamit ng telebisyon, telepono, radyo at mga ilaw sa paraan na hindi nakakaistorbo sa iba.
 - o Makipagtulungan sa paggamit ng kagamitan na pampainit at air con.
- Sundin ang mga appointment kasama na ang pagpapagupit, pagkain, medikal at dental, at mga espesiyal na gawain. Kung hindi ka makakapunta, pakiabisuhan ang iyong nars nang mas maaga.
- Tanungin ang mga kawani kapag hind sigurado o may pagdududa at dalhin ang iyong mga alalahanin, reklamo at problema sa mga tamang sanggunian. Kumonsulta sa propesyonal na nars na nangangasiwa o sa isang miyembro ng pangkat ng pamunuan. Ang isang Medikal na Social Worker ay handa ring tumulong sa iyo sa mga problema o mga alalahanin.
- Maging magalang sa iba't ibang indibidwal na relihiyosong gawain ng ibang residente.
- Malaman na ang mga pasasalamat (mga tip) o mga regalo na ibinibigay sa aming mga tagapag-alaga ay hindi pinapahintulutan. Ang polisiyang ito ay maaaring pag-usapan, kung kinakailangan, kasama ang administratibong kawani.
- Matugunan ang mga pinansiyal na obligasyon ng iyong pangangalaga.
- Gamitin ang mga serbisyo tulad ng pagkain, kobre kama at mga suplay nang naaangkop at matipid, para masigurado na makukuha rin ito ng ibang mga residente.
- Gamitin ang kaha-de-yero para sa wastong pagtatago ng inyong sariling mahahalagang bagay.
- Mabatid na ang mga tagapag-alaga ay handang tumulong. Ang mga residente naman ay dapat na maging magalang at mabuti sa iyong tagapag-alaga.
- Sa pagtanggap, magbigay sa LTC ng isang kopya ng iyong mga paunang direktiba (Living Will; 5 kahilingan; Matibay ng Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan; isang Alaska MOST [Medical na mga Utos para sa Lawak at Paggamot; at/o isang Comfort 1 na pauna nang inihanda] - sa kabuuan ay kilala bilang mga paunang direktiba). Ang LTC social worker ay magtatanong sa bawat residente o tagapag-alaga sa pagtanggap kung mayroon silang paunang direktiba at kung gusto nila ng karagdagang impormasyon sa paunang direktiba at paglikha ng paunang direktiba.
- Magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa iyong kalusugan.
- Sumunod sa iyong plano ng paggamot habang naninirahan sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Kung tatangi kang sundin ang plano ng paggamot, iyong tinatanggap ang mga resulta ng mga gawaing ito.

Ang mga pasyente ng pangmatagalang pangangalaga ng PeaceHealth ay mayroong karapatan na:

- Magsabi o magsulat ng iyong mga reklamo at mga hinanakit tungkol sa paggagamot, pangangalaga na ibinigay o ang gawi ng ibang residente. Humiling na makipag-usap sa nangangasiwang nars. Maaari mo ring kontakin ang sinuman sa nakalista sa dulo ng dokumentong ito. Ang mga reklamo ay maaaring isampa nang hindi nagpapakilala.
- Paglutas sa mga reklamo nang hindi napapailalim sa pamimilit, diskriminasyon, paghihiganti o hindi makatwirang pagputol sa pangangalaga, paggagamot at mga serbisyo.

Ang pasilidad ay magbibigay impormasyon sa:

- Bawat residenteng kwalipikado sa Medicaid, sa pamamagitan ng sulat, sa oras ng pagtanggap sa pasilidad ng pagnanars at kapag ang residente ay naging kwalipikado para sa Medicaid para sa mga bagay at mga serbisyo na kasama sa mga serbisyo ng pasilidad ng pagnanars sa ilalim ng plano ng estado at kung saan ang residente ay maaaring hindi pabayaran.
- Bawat residente ng iba pang mga bagay at serbisyo na iniaalok ng pasilidad at kung saan ang residente ay maaaring pabayaran, at ang halaga ng mga pababayaran para sa mga serbisyong iyon; at bibigyan ng impormasyon ang bawat residenteng kwalipikado sa Medicaid kapag may mga pagbabago na ginawa sa mga bagay at mga serbisyo na kanilang natatanggap.
- Bawat residente bago pa, o sa oras ng pagtanggap, at paminsan-minsan sa panahon ng pamamalagi ng residente, ng mga serbisyo na makukuha sa pasilidad at ang mga babayaran para sa mga serbisyong iyon, kasama na ang anumang babayaran para sa mga serbisyo na hindi sakop sa ilalim ng Medicare/Medicaid o sa bawat araw na babayaran sa pasilidad.

Mga Kontak:

Direktor ng Pagnanars - Pangmatagalang Pangangalaga (Director of Nursing - Long Term Care) PeaceHealth New Horizons 3100 Tongass Avenue Ketchikan, Alaska 99901 Telepono: 907-225-5171 Ext: 7988	Tagapangasiwa - Pangmatagalang Pangangalaga PeaceHealth New Horizons (Administrator – Long Term Care PeaceHealth New Horizons) 3100 Tongass Avenue Ketchikan, Alaska 99901 Telepono: 907-225-5171 Ext: 7989
---	---

Mga opisyal para sa mga hinanakit:

Erica Steuerwald, JD 3100 Tongass Ave. Ketchikan, AK 99901 Telepono: 907-225-5171 Ext: 7626 Email: esteuerwald@peacehealth.org	Sertipikasyon at Paglilisensya ng mga Pasilidad na Pangkalusugan (Health Facilities Licensing & Certification) 4501 Business Park Blvd., Suite 24, Bldg. L Anchorage, AK 99503 Telepono: 907-334-2483 Pagkatapos ng Oras ng Trabaho: 1-888-387-9387
Opisina ng Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga (Office of the Long-Term Care Ombudsman) The Trust Authority Bldg 3745 Community Park Lp Anchorage, AK 99508 Telepono: 907-334-4480 Fax: 907-334-4486 Email: akoltco.org	KEPRO – Organisasyon sa Pagpapabuti ng Kalidad (QIO) (KEPRO – Quality Improvement Organization (QIO)) 5201 West Kennedy Boulevard, Suite 900 Tampa, Florida 33609 1-844-455-8708, Toll free: 855-843-4776 Website: www.keproqio.com